

# 1

“You’ve got to eat my balls!”

Napalakas ang tili at palakpak ni Stefany Soriano dahil sa binitiwang punchline ng kasosyo niyang si Lance Canlas para sa anniversary speech nito. First year anniversary ngayon ng pinagsosyohan nilang negosyong *Eat My Balls* at ngayon din ang grand launching ng bagong produkto nilang vege-balls, ang healthy but super yummy balls.

Hangang-hanga siya sa partner niya dahil para sa kanya ay isa itong henyo sa larangan ng pagnenegosyo. Hindi man ito ipinanganak na mayaman ay pinatunayan nito sa kanya na hindi hadlang ang kahirapan upang marating ng isang tao ang nais marating sa buhay.

Tumira ito sa kanilang bahay noong hindi pa nito nabibili ang townhouse na tinitirhan ngayon sa Maynila. Taga-Pampanga kasi ito, kaya ipinakiusap ng kuya niya sa kanilang mommy na si Beth na kung papayag ang huli ay sa bahay na lang nila patuluyin si Lance habang nasa Maynila ang binata. Upline ito ng Kuya Sander niya sa isang networking business, kaya ganoon na lang ang pag-aasikaso nito kay Lance.

Hindi niya alam kung paano nakumbinsi ng kuya niya ang kanilang mommy, pero ikinatuwa niya ang naging pagpayag nitong sa bahay nila tumira si Lance. Ang guwapo kasi nito; unang kita niya pa nga lang dito ay nakaramdam na siya ng paghanga.

Malaking lalaki ang kanyang kasosyo na gaya rin ng nakatatandang kapatid niya, kaya security-wise ay tama lang na pumayag si Beth na patuluyin ito sa kanilang tahanan para may dagdag na lalaki sa bahay nila. Nagtatrabaho sa Macau ang daddy niya at si Kuya Sander lang ang nag-iisang lalaki sa kanilang bahay. Dadalawa lang kasi silang magkapatid.

Mabait at magaling makisama si Lance bukod pa sa marami siyang natututunan dito. Hindi ito madamot sa kaalaman. Nagsi-share ito ng mga natutunan sa buhay at natutuwa siyang makinig sa lectures nito.

Na kay Lance na nga marahil ang lahat ng katangian na gugustuhin ng isang matinong babae sa isang lalaki. Masikap din ito sa buhay at responsable sa lahat ng bagay. Ibinibigay nito ang lahat ng kakayahan sa bawat ginagawa. Kaya naman madalas itong mag-ani ng mga parangal at tagumpay.

Madiskarte ito sa buhay. Hindi nga makapaniwala si Stef na nahikayat nito ang kuya niya na sumali sa

networking business gayong isa ang kuya niya sa mga taong skeptical sa ganoong klaseng negosyo.

Isa itong magaling na motivator. Hindi lang basta nahikayat nito ang kapatid niya, naging very active pa ito sa networking business na iyon. Ngayon ay isa na ito sa mga leaders ni Lance na humahataw sa mga probinsya gayong ang produkto ng kompanyang iyon ay sanitary napkins at panty shields!

Nakakagamot naman daw ang mga sanitary napkins na iyon sa maraming karamdaman. Pati nga siya ay napabili ng napkin na ibinebenta ng mga ito kasi kung magkuwento ang dalawang lalaki ay makukumbinsi talaga ang sinumang makakarinig na bumili ng produktong iyon.

Malaki ang kinikita nina Lance at Sander sa networking business na iyon. Nakabili nga ang una ng sarili nitong sasakyan at sariling townhouse dahil doon.

Nakaipon naman si Sander ng halaga na ginastos nito sa kasal. Ngayon ay nasa La Union ito dahil tagaroon ang napangasawa nito. Doon na rin nag-network ang mga ito. Ang kuya na niya ang nagsisilbing supplier ng medicinal sanitary napkin sa buong probinsya ng La Union. He was doing good and earning great so far.

Nang ma-establish ni Lance ang mga leaders sa hawak nitong networking business ay naisipan nitong magdagdag ng raket. Ito ang nakaisip ng concept ng *Eat My Balls* nang minsang natikman nito ang niluto ni Stef na homemade fishballs at meatballs. Nasarapan ito sa timpla ng balls niya at maging ang timpla ng kanyang sauce. Paano naman, galing pa sa Macau ang recipe niyang iyon. Magaling na cook doon ang daddy niya at ito ang nagtuturo sa kanya ng iba't ibang klase ng recipe.

Mahilig siyang mag-eksperimento. Sinusubukan niyang baguhin ang mga recipes na itinuturo sa kanya ng daddy niya kapag ka-chat niya ito sa Internet. Masyado kasing Chinese ang lasa ng mga itinuturo nito sa kanya, kaya sinikap niyang gawing Pinoy ang lasa ng mga iyon sa pamamagitan ng pagpapalit sa mga rekadong pang-Chinese sa mga rekadong pang-Pinoy.

Nang matikman ni Lance ang kanyang Filipino-Chinese balls and sauce ay hindi na siya tinigilan nitong kulitin na magnegosyo silang dalawa. Magsimula raw sila sa isang food cart. Ito raw ang bahala sa puhunan at sa marketing, siya naman daw ang bahala sa timpla ng produkto. Tiyak daw nito na sisikat ang kanilang mga balls dahil kakaiba talaga ang sarap ng mga iyon kaysa sa mga natikman na

nitong balls sa kahit saang restaurant na nakainan na nito. Kapag napasikat daw nila ang kanilang mga balls ay papasukin nila ang franchising business.

Noong una nga ay tinatawanan niya lang ang binata. Masyado itong malaking mag-isip. Nakakalula ang mga pananaw nito sa buhay. Simpleng fishballs at meatballs lang na ipinatikim niya rito para lang sana magpa-impress dito, pero nakarating na kaagad sa franchising business ang isip nito.

Ang motto nito ay 'Dream BIG.' Ayon kasi rito, success is never achieved by men and women in caution. Very positive ang attitude nito, kaya siguro nagiging successful ito sa bawat larangang pinapasok.

He was always telling her that attitude is the first quality that marks the successful man. If one has a positive attitude and is a positive thinker, who likes challenges and difficult situations, then he has half his success achieved.

Para kay Lance, people are not measured in inches or pounds or college degrees or family background. They are measured by the size of their thinking. How big they think determines the size of their accomplishment.

Ayaw na ayaw nito ng mga negative na tao.

Highly contagious daw ang mga taong negative, kaya dapat daw na iwasan ang mga iyon. Para raw kasi sa mga negative na tao, the glass will never be half-full, it will always be half-empty.

Si Stef man ay nagulat sa pag-take-off ng negosyo nilang *Eat My Balls*. Sa loob lang ng isang taon ay may mahigit isang daan na silang franchisees all over Metro Manila at ngayon ay unti-unti na nilang napapasok ang mga karatig-probinsya. Ang nakakatuwa pa ay nahigitan nila ang inaasahang sales sa araw-araw na operations nila pagkat nakikilala na talaga ang pangalang *Eat My Balls* sa buong Metro Manila.

Wala silang TV and radio advertisements, kaya napapanatili nilang abot-kaya ang kanilang presyo. Sumisikat ang produkto nila through word of mouth. Napag-uusapan ang masarap na lasa ng balls at sauce nila at nairerekomenda iyon ng kanilang loyal customers sa mga kakilala.

Napakadaling i-location ng kanilang food carts, kaya isa iyon sa mga advantages nila. Puwede ito kahit saan dahil mula sa mga simpleng tao hanggang sa professionals ay kumakain ng kanilang balls. May embutido balls na rin sila aside from fishballs, meatballs, squidballs at ang bagong launched pa

nilang produkto na vege-balls na ang lahat ay sarili niyang timpla.

Naisipan niyang gumawa ng vege-balls para sa mga health-conscious people na nais ding makatikim ng kanilang mga balls. Healthy kasi ang vege-balls dahil gawa iyon sa gulay at hindi piniprito. Steaming ang paraan ng pagluto niyon at special ang sauce niyon sapagkat nilagyan niya iyon ng ilang medicinal herbs gaya ng lemon grass na mahusay for cancer prevention.

Nagsanib-pwersa nga sila ni Lance. Ang galing niya sa pagtitimpla at ang galing naman nito sa marketing ay isang perfect combination.

Maingat din siya para hindi basta-basta magaya ang timpla niya. Mayroon siyang secret ingredients na siya lang ang nakakaalam para na rin sa proteksyon ng kanilang negosyo. Hindi alam ng mga tagatimpla niya ang ingredients ng kanyang liquid mixture na dinadala na lang niya sa factory na magkakahalo na. Sa bahay na niya pinaghahalo-halo ang mga iyon. Kaya naman may mga nag-attempt man na gayahin ang balls at sauce nila, pero hindi natapatan ng mga ito ang *Eat My Balls* kasi mas masarap pa rin ang balls nila.

Noong una ay maraming nababastusan sa

pangalan ng negosyo nilang *Eat My Balls* lalo na sa matatandang may pagkakonserbatibo, pero marami ring na-cute-an sa business name nila sa panig ng kabataan, at marami ring naiintriga kung ano ba ang lasa ng balls ni Lance sa panig naman ng kababaihan.

Noong mga unang araw kasi ng operations nila ay si Lance ang nagbantay ng kanilang food cart at ang pang-engganyo nito sa mga tao ay ang punchline na binitiwang nito kanina lang sa anniversary speech nito—ang ‘you’ve got to eat my balls.’

Pinagmasdan niyang mabuti ang binata habang nakikipagkamay ito sa mga bisita. Napakaguwapo nito kaya sinong babae ba ang hindi magnanais matikman ang mga *balls* nito? Siya rin naman.

Gosh! Ang tanong ay kailan?

Ang alam niya ay may girlfriend ito sa Pampanga, kaya alam niyang malabo na ang pag-asa niyang patusin pa siya nito. Sinabi ng Kuya Sander niya ay masyado raw loyal ang kaibigan sa girlfriend nito.

Lance never talked about his personal life. Sa isang taon nilang magkasosyo ay hindi pa sila nag-usap na hindi ukol sa negosyo ang topic. Feeling niya nga ay wala itong panahon na sayangin ang oras sa pagkukuwento ng personal life nito. Lagi itong



nagmamadali. Parang nakikipaghabulan sa oras. Kapag nagbuka ito ng bibig ay tiyak niyang mahalaga ang sasabihin nito. Active pa rin ito sa networking business, kaya very hectic talaga ang schedule nito.

Naputol ang pagbabalik-tanaw niya nang maramdaman niyang may tumapik sa kanyang balikat. Nalingunan niya ang nakangiting mukha ni Lance. May hawak itong dalawang baso ng alak at iniabot nito sa kanya ang isa.

“Hindi ka pa rin makapaniwala hanggang ngayon na nagawa nating maging successful sa negosyo natin, Partner?” Iginala nito ang paningin sa loob ng opisina nila.

Kalilipat lang nila sa mas malaki at mas maayos na opisina, pero tila naging masikip iyon sa dami ng taong dumalo sa grand launching ng vege-balls nila.

May mga nagsasayawan, may mga nagkakainan at may mga naghuhuntahan. Napakarami ng mga taong nabigyan nila ng pagkakakitaan.

“Totoo iyan,” sagot niyang tiningala ito. Five feet four inches lang ang height niya samantalang five feet eleven inches si Lance pag barefooted. “Hindi pa iyan; we’ve only just begun, Partner. Kapag napasok natin ang mga probinsya ay tiyak na hindi na mapipigil

ang paglipad ng mga agilang may balls.”

Tumawa ito. “I love thinking that the whole Philippines would be eating my balls,” very positive na sabi nito.

“And my tasty sauce, too.” Patatalo ba siya?

Nagtawanan silang dalawa.

“Let’s drink to that!” Itinaas nito ang baso at gayon din siya. Nagpingkian ang kanilang mga baso bago nila ininom ang alak.

“Sayaw tayo, Partner,” aya nito matapos nilang ibaba ang mga baso nila.

Hindi napigilan ni Stef ang biglang pagkabog ng kanyang dibdib dahil sa pagyaya nito sa kanya na sumayaw.

“Sure!” Tatanggi ba siya?

Hawak ang kanyang siko na inalalayan siya nito patungong dance floor. Pakiramdam niya sa pagkakataong iyon ay siya ang pinakamagandang babae sa balat ng saging!

Yumakap siya sa leeg ni Lance at ito naman sa baywang niya. Napansin niyang halos lahat ng mga mata ay nasa kanila. Napakarami kasing

nangangantyaw sa kanila, pero kahit pilit silang ibinubuyo sa isa't isa ay ramdam niyang todo-iwas talaga ang binata sa mga ito. Kunwari ay dedma rin siya para di naman siya nakakahiya. Pangit kasi kung mahalata ng mga ito na patay na patay siya kay Lance gayong ito naman ay walang napapansin sa kanya. Na-perfect na nga yata niya ang pagtatago ng totoong nararamdaman niya para rito.

“Magiging very busy tayo for the next six months kasi isa-saturate natin ang Bulacan, Pampanga, Rizal at Laguna,” sabi nitong ang tingin ay derechong-derecho sa kanyang mukha. “Kung kinakailangang magdagdag tayo ng mga tao sa factory ay gagawin natin iyon. Hindi kasi magandang mauubusan tayo ng stocks. Kailangan laging available lahat ng variants ng balls natin.”

Dismayado siya sa binuksan nitong topic. Tungkol pa rin iyon sa negosyo nila. Hindi ba puwedeng kalimutan muna nito ang bagay na iyon at iba ang pag-usapan? Ni hindi man lang ba nito napansin ang suot niyang bestida? Hindi rin ba nito napansing nagpaayos pa siya sa salon ng buhok para maging maganda siya ngayon? Gustong-gusto na siyang sukuan ng pag-asa na magkakaroon pa talaga siya ng epekto sa partner niyang ito. Dapat nga siguro ay tanggapin na niya na business partner lang talaga

ang papel niya sa buhay ni Lance.

Pero titig na titig ito ngayon sa mukha niya. Baka naman nagagandahan din ito sa hitsura niya ngayon. Hindi lang ba ito vocal sa nararamdaman?

Asa pa kasi!

Tama bang asahan pa niya iyon? Heto nga't negosyo na naman ang pinag-uusapan nila.

Bakit ba lalong tumitindi ang paghanga niya sa lalaking ito kahit hindi siya nito pinapansin? Nais na nga niyang mainis sa sarili niya dahil sa nararamdaman niya para rito. Pakiramdam niya ay in love na talaga siya kay Lance kahit alam niyang may girlfriend na ito.

## 2

Katakut-takot na kanyaw ang natamo ni Stef nang matapos siyang isayaw ni Lance lalo na mula sa franchisee nilang si Mrs. Tumang. Wala itong kasawa-sawa sa pagbubuyo sa kanilang dalawa dahil bagay raw sila. Hindi lang daw bilang business partners kundi bilang lifetime partners.

Buti pa nga ang ginang, nakikita nitong bagay sila ni Lance gayong ang lalaking iyon ay parang bulag dahil di man lang nito mapansin ang kanyang mga katangian.

“Don’t start on me again, Tita. Ilang beses ko po bang sasabihin sa inyo na may girlfriend na po si Lance, kaya tigilan n’yo na po ang pambubuyo n’yo sa aming dalawa kasi wala kaming effect sa isa’t isa.” Siyempre deny-to-death siya dahil may pride din siya kahit paano.

Nang lingunin niya ang kausap ay nakita niyang lumabi ito na parang hindi kumbinsido sa isinagot niya.

“Hindi iyon ang nakita ko kanina habang nasa dance floor kayo, Stef. Ang mga titig niya sa iyo. Hindi

iyon ordinaryong titig ng lalaking walang paghanga sa tinititigan. Alam mo bang mukhang gandanganda siya sa iyo?”

Napanganga siya sa narinig. Ang lamang-loob niya ay tila nagkaroon ng konsyerto sa loob ng kanyang katawan. Hindi lang pala siya ang nakapansin sa paraan ng pagtitig ni Lance sa kanya kanina. Napansin din pala iyon ni Mrs. Tumang.

“Ang dami n’yong alam, Tita! May nalalaman pa kayong paraan ng pagtitig diyan!” Hindi niya napigilang matawa at mapailing. Ayaw niyang ayunan ang mga sinasabi nito dahil hindi niya gustong maging obvious sa lahat na may pagtingin siya sa kanyang business partner na parang naturukan ng general anaesthesia, manhid ang buong katawan!

“Aba, mas experienced naman ako kaysa sa iyo, ano! Nakalimang boyfriend kaya ako bago ako nagpakasal sa una kong asawa. Noong mamatay siya ay nagkaroon ako ng apat na boyfriend bago ako nagpakasal sa asawa ko ngayon,” may pagmamalaki pang sabi nito.

Hindi nakapagtataakang maraming naging boyfriends ang kanyang kausap, kahit nasa late forties na ito ay sexy at maganda pa rin ito.

“Ay, Box-office Queen ka, Tita. Hindi ko kinaya ang haba ng pila!”

Tinungo ng dalaga ang buffet table at kumuha siya ng pagkain. Sumunod pa rin sa kanya ang ginang at tila walang balak na tigilan siya.

“Kaya nga makikinig ka sa akin. Si Lance, dapat sa iyo siya kasi kayong dalawa ang nababagay sa isa’t isa, yamang magkasosyo na rin lang kayo sa negosyo.”

“At dahil sa aming dalawa ang negosyo, eh, bagay na kami kahit hindi naman namin mahal ang isa’t isa?” Halos mabulunan pa siya nang sabihin iyon sapagkat lumalaban ang puso niya sa inilalabas ng kanyang bibig.

Nakita niyang muling lumabi ito at hindi niya nagugustuhan ang paraan ng paglabi nito. Masyadong tumulis ang nguso nito.

“Tigilan mo iyan, Stef, walang maniniwala sa iyo,” bulong nito habang kumukuha rin ng pagkain.

Ganoon ba siya ka-obvious? “Tita, walang ganyanan!” Kunwari ay napanganga pa siya. Siyempre hindi siya aamin. Ano siya, hilo?

Dinunggol nito ng siko ang tagiliran niya. “Sure,

keep living with your denial.”

“I’m not in denial, Tita, I don’t think he likes me and I don’t like him, either. Hindi ko pinangarap magkaroon ng asawang puro negosyo ang alam na topic. Tingin ko diyan, Tita, walang karoma-romansa ang katawan.” Sinabi niya iyon para tumigil na ito.

“Stef, kabisado ko ang kilos nating mga babae pag gusto natin ang isang lalaki, kaya hindi ka makakapagkaila sa akin.” Tinapik-tapik nito ang balikat niya. “Hindi ka naman siguro magpapaayos pa sa salon at magsusuot ng ganyan ka-sexy na dress kung wala iyang kahulugan.”

Hindi niya napigilan ang paglaglag ng panga niya. Nahalata nitong nagpa-salon siya? Napansin din pala nito ang sexy dress niya. Ang totoo ay napaantada nga ang mommy niya nang makita nito ang suot niya. May kaiklian kasi iyon at may kababaan ang neckline.

“Anniversary celebration natin ngayon, bawal bang magpa-salon at magsuot ng sexy dress para maiba lang?” patuloy na pag-de-deny niya.

“Tigilan mo iyang kakaprotesta. Makinig ka sa akin kung gusto mong makuha ang atensyon ni Lance,” bulong pa rin nito. “Alam mo, kulang ka lang sa alembong kaya di ka napapansin. Hindi na uso ang



ganyan ngayon. Isinayaw ka na niya at titig na titig na sa iyo, pero wala ka pa ring ginawa para kunin nang husto ang atensyon niya,” pangaral pa nito.

Lalong lumaki ang pagkakanganga niya kasabay ng paglaki ng dalawang mata. “Are you drunk, Tita? Naparami yata ang nainom mong wine?”

“Hindi ako umiinom kaya makinig ka sa akin kasi normal ang pag-iisip ko. Minsan, pisikalin mo. Maanong idinikit mo man lang sana ang dibdib mo sa kanya habang nagsasayaw kayo. O di naman kaya ay isinubsob mo ang mukha mo sa leeg niya.”

“What?” Hindi niya napigilang matawa sa sinasabi nito. Hindi siya alembong na tao, kaya siguro hanggang ngayon ay wala pa siyang nagiging boyfriend gayong magtu-twenty-three na siya. Paano siya magkaka-boyfriend kung ang naging basehan na niya sa pagpili ng boyfriend ay si Lance.

“I know you heard me. Sagiin mo pag dumadaan ka. Medyo idikit mo ang mga braso mo sa kanya. Kung medyo malakas naman ang loob mo ay pakitaan mo ng dibdib o kaya ay puwit. Tingnan mo kung hindi iyan biglang magkainteres sa iyo.”

Napailing siya. “Seryoso ka, Tita? Gusto mong mag-flirt ako sa kanya? Hindi kaya imbis na

magkainteres siya sa akin ay baka ma-turn off pa. Sabi ni Kuya Sander, conservative daw si Lance.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Girl, dapat pasimple lang. Iyong kunwari ay di mo sinasadya na ipakita sa kanya ang dibdib mo. Magsuot ka ng medyo mababa ang neckline na gaya ng suot mo ngayon ’tapos yuyuko ka sa harap niya dahil may aabutin ka, o dili naman kaya magsusuot ka ng maikli, may dadamputin ka kunwaring nalaglag na bagay para makita niya ang puwit mo.”

Napahagalpak siya ng tawa. Hindi niya mapaniwalaang ganito ang itinuturo nito sa kanya. “Kumain na lang po tayo kasi ginugutom po ako sa lecture n’yo sa akin. It won’t work, he won’t mind and I think he won’t even notice,” sabi niyang napatingin kay Lance. Nakatingin din pala ito sa kanila at parang tama si Mrs Tumang, ang lagkit nga ng tingin nito sa kanya.

Muli ay dinunggol siya ng kausap. “Tingnan mo nga kung paano makatingin sa iyo si Lance. Paano mo sasabihing hindi ka niya napapansin?”

Natawa siyang muli, sabay kindat kay Lance dahil nakatingin pa rin ito sa kanila habang kausap nito si George, ang kababayan nitong franchisee nila. “Ikaw talaga, Tita, kung anu-ano ang mga ipinapasok

mo sa isip ko. Baka mamaya makumbinsi mo akong gawin iyan.”

“Dapat lang, Stef, at huwag ka nang magpatumpik-tumpik pa. Alalahanin mong daig ng malandi ang maganda!”

Napatingin siya rito. “Eh, paano iyan, Tita? Maganda na ako. Hindi kaya masobrahan naman kung maglandi pa ako?” Sinundan niya ng tawa ang sinabi.

“Makukuha mo si Lance kung susundin mo ang mga payo ko sa iyo. Ikaw din,” pangungumbinsi nitong tumingin din kay Lance.

“Kailangan pa ba talaga ang gan'on?”

“Kailangan! Iba na ang trend ngayon. Kung ang babae ay naghihintay na lang na mapansin ng lalaki sa isang sulok dahil umaasa lang sa taglay na kagandahan, kadalasan ay burong tilapia ang ending ng mga iyon. Ang sama ng amoy n'on, 'Neng, mabantot!” Itinirik nito ang mga mata, sabay takip ng daliri sa butas ng ilong nito.

Ganoon? Kaya ba hindi siya napapansin ng binata dahil umaasa lang talaga siya sa kagandahan niya para mapansin siya nito?

“Konti pa, Tita. Malapit mo na akong makumbinsi. Makapag-shopping nga ng dagdag na mga seksing damit.”

“That’s my girl!” Halatang natuwa ito sa narinig.

---

Kasalukuyang kausap ni Lance si George. Kumuha ito ng limang food carts na naka-location ngayon sa San Fernando, Pampanga. Batchmate niya ito noong high school. Bilib na bilib ito sa kanyang accomplishments. Hindi raw nito sukat akalain na magiging ganito siya ka-successful.

Habang nag-uusap sila ay nakita niyang nakatutok ang mga mata nito kay Stef na kasalukuyang kumukuha ng pagkain sa buffet table kasama ang franchisee nilang si Mrs. Tumang.

“Ang ganda ng partner mo, Lance. Hindi ako naniniwalang business lang ang partnership ninyong dalawa.” Iba ang tunog ng naging pagtawa nito.

“George, huwag mong pagtripan si Stef, parang kapatid ko na siya,” sagot niyang napailing.

Napaismid ito at pinukol siya ng tinging hindi naniniwala. “Good Lord, Lance! I wouldn’t be able to keep my hands off her if I were you. She’s so beautiful

to ignore. I could say that she's close to a ten in every man's scale. What's your problem?"

"Alam mong wala akong kalokohan sa katawan, Pare. Nakababatang kapatid ang turing ko sa kanya at ayaw kong masira ang partnership namin dahil lang sa kalokohan." Napatingin siyang muli kay Stef na masaya pa ring nakikipagbiruan kay Mrs. Tumang.

George was right. She was beautiful in her own way. She does have a curvaceous shape. Her slim and flawless legs added up to a nice package. In a way, she also looked seductive.

He looked at how her dress clung to her curves. Napaka-sexy nitong tingnan sa bestidang iyon. Buhat nga kanina ay hirap siyang alisin ang tingin niya rito, kaya hindi niya pinalampas ang pagkakataong maisayaw ito.

"Sinabi ko bang lolokohin mo? Pakasalan mo, Pare. Ang mga ganyang babae ay inihaharap sa altar. Maganda na, pakikinabangan mo pa sa negosyo."

Napailing siya dahil hindi siya makapaniwalang ibinubuyo siya nito kay Stef gayong kapitbahay nito sa Pampanga ang girlfriend niya.

"Pare, alam mo namang loyal ako kay Carolyn. Ang laki ng takot ko sa kanya," seryosong pahayag

niya dahil bigla siyang naghinala na baka sinusubukan lang siya nito. Malay ba niya kung nag-eespiya lang ito para sa girlfriend niya.

Nakita niyang nanlaki ang mga mata ni George dahil sa isinagot niya. “Bakit? Kayo pa rin ba ni Carolyn?”

Napatitig siya rito dahil sa tanong nitong iyon. “Oo naman,” sagot niyang napaisip. “Bakit mo naisip na hindi na kami? May nangyayari ba sa Pampanga na hindi ko alam?” Bigla siyang kinutuban sa naging reaksiyon nito.

Matagal pa itong natigilan bago nakapagsalitan muli. Naramdaman niya ang pag-aalangan nito sa sasabihin, pero mukhang napasubo na lang ito kaya siguro nagsalita na rin.

“Naku! Mukhang magkakasala pa yata ako kay Carolyn.” Napakamot ito ng ulo. “Lagi kasi silang magkasama ni Rusty Sy lately,” halatang napilitan lang na pagtatapat nito.

Kumabog ang dibdib niya. Nasa bansa ulit ang mayamang Tsinoys na iyon?

“Akala ko ba nasa China na iyon?”

“Bumalik na dito sa Pilipinas, Pare, at lately

talaga ay lagi silang magkasama ni Carol. Akala ko nga wala na kayo kasi nagpatayo ito ng tindahan ng agricultural farm supply at ibinigay sa mga magulang ni Carol. "Tapos ipina-re-renovate pa ang bahay nina Carol ngayon. Kaya nga nagulat ako nang sabihin mong kayo pa rin."

Biglang pumormal ang hitsura ni Lance. Kung biro man iyon ay hindi niya gusto ang ganoong klaseng biro.

"George, ayokong binibiro mo ako ng ganyan. Alam mo naman sigurong loyal ako kay Carolyn kasi ayaw ko rin ng naloloko. Please lang, magbiro ka na sa ibang bagay," may iritasyong saway niya rito.

Napailing ang kausap. Ilang beses ding humugot ito ng malalim na hininga bago muling nakapagsalita, "Kailan ka ba huling umuwi ng Pampanga, Pare? Kailan kayo huling nagkita ni Carol?" Tumitig ito sa kanya.

"May tatlong buwan na mula ngayon. Noong binayaran ko iyong lupa sa Barrio Sapang Maragul."

Muli itong napailing. "Alam mo bang may tatlong buwan na rin mula ngayon na lagi sa bahay nina Carol si Rusty? Akala ko nga talaga wala na kayo dahil hindi na kita napagkikitang pumupunta doon

na gaya ng dati.”

Namula ang mukha niya sa narinig. Nakaramdam siya ng di-maipaliwanag na sakit sa mga sinabi ni George. Nasa ibang barangay ang kanyang mga magulang, kaya hindi niya masisisi ang mga ito kung hindi nababalitaan ng mga ito ang ginagawa ni Carolyn na pakikipagmabutihan sa Rusty na iyon.

Nakakausap niya sa telepono ang nobya at parang wala namang nagbago sa pakikipag-usap nito sa kanya. Malambing pa rin ito gaya ng dati, kaya wala talaga siyang kaduda-duda na may nangyayari sa pagitan nito at ng Rusty na iyon. Ayaw sana niyang paniwalaan ang mga sinasabi ni George sa kanya, pero naisip niya rin na bakit siya lolokohin nito?

“Pare, buti pa siguro ay umuwi ka sa atin. Sorpresahin mo sila. Sa tingin ko lang ay nasulot na ni Rusty ang girlfriend mo. Dinadaan sa pera ang mga magulang ni Carol.”

Napangiti siya nang pilit. Nais niyang itago kay George ang nararamdaman niyang panliliit sa pagkakataong iyon. Masakit sa lahat ay ang napipindeho. “Hindi niya makukuha si Carolyn, Pare. Alam kong mahal ako ni Carol.”

Pinisil nito ang balikat niya. “Sana nga, Pare.



Sayang din ang pinagsamahan n'yo ni Carol kung mapupunta lang siya sa Tsinoy na iyon. Kung ako sa iyo ay agapan mo dahil sa tingin ko lang ay parang nakukuha na rin ni Rusty ang loob ni Carol. Noong isang araw lang ay nakita ko silang magkasama at very sweet sila. Ayoko sanang sabihin pa sa iyo ito at hayaan kang ikaw mismo ang makatuklas and see it with your own eyes, but I think you deserve to know. Huwag mo na lang mababanggit na ako ang nagsabi sa iyo. Alam mo na, ayokong kamuhian ako ng pamilya ni Carol.”

Pakiramdam niya ay nagsasabi talaga ng totoo si George. Magandang lalaki rin ang Tsinoy na iyon at mayaman talaga ang pamilya nito, kaya hindi malayong makuha nga nito ang atensyon ni Carolyn. Aminado siyang malaki na ang pagkukulang niya sa kasintahan buhat noong simulan niya ang *Eat My Balls*.

Kung puwede niya nga lang sanang iwan ang kasayahan ngayon para mapuntahan na niya kaagad si Carolyn ay gagawin niya. Ang lakas talaga ng kutob niyang nasulot na ng Rusty na iyon ang girlfriend niya.

Napatingin siya kay Stef. Tiyak na magdaramdam ito kung iiwan niya ang first year anniversary

*Lifetime Partners - Charisse Pamela*

---

celebration ng negosyo nila. Ayaw niyang bigyan ito ng sama ng loob dahil napakabuti nitong business partner sa kanya.

Nagpasya siyang tapusin na muna ang party bago siya uuwi ng Pampanga.

# 3

Nasa tapat na si Lance ng bahay ni Carolyn. May nakaparadang isang modelo ng *Toyota Land Cruiser* sa tapat ng gate ng mga ito.

Hindi inaasahan ni Carol na darating siya dahil alam nito na ngayon ang first anniversary ng *Eat My Balls*. Niyaya niya itong dumalo sa party, pero tumanggi dahil may pasok ito sa trabaho. Nagtatrabaho ito sa Pampanga provincial capitol.

Bumaba siya sa sasakyan niya at dahil bukas ang gate ay pumasok siya roon gaya ng nakasanayan niyang gawin.

Walang tao sa sala ng bahay, pero narinig niya ang mga tawanan at kuwentuhan mula sa komedor kaya tumuloy na siya roon. Naisip niyang baka naghahapunan ang mga ito.

Sobra siyang nasorpresa sa inabutang eksena sa komedor. Before he found his voice, he took a few seconds for his eyes to make a quick visual exploration. Magkakaharap ang mga ito sa hapag-kainan. Si Mang Fredo, si Aling Susan, si Angelo na kapatid ni Carolyn at si Rusty na nakaupo sa tabi ng

dalaga.

Maging ang mga ito ay halatang nagulat nang makita siya. Para ngang may dumaang isang batalyon na mga anghel sa harapan nila; walang nakapagsalita ni isa man sa kanila.

“I’m sorry I came in like this. The gate was open, so I came in,” sa wakas ay nahagilap niya rin ang kanyang tinig. Derecho ang tingin niya kay Carolyn na namutla ang mukha nang makita siya. It was clear to him that she was nervous as hell.

“Halika, Lance, kumain ka,” natatarantang paanyaya ni Aling Susan sa kanya. Tumayo kaagad ito at kumuha ng plato.

“Dumating ka na pala, Rusty? Kailan pa?” pormal ang mukha na tanong niya sa Tsinoy. Derecho ang tingin niya sa lalaki bago niya nilapitan ang kasintahan at kinintalan ng halik sa pisngi.

Naramdaman niyang napapitlag si Carol nang halikan niya ito. Nakita niya ring namula nang husto ang mukha ni Rusty. Halatang hindi nito nagustuhan ang paghalik niya sa babae. Lalong hindi niya nagustuhan ang nakitang reaksiyon ng mga ito. May relasyon na nga ba ang dalawa?

Hindi sinagot ni Rusty ang tanong niya. Halatang

alerto ito sa maaaring gawin niya. Alam niyang aware itong girlfriend niya ang inaahas nito.

Nanatili siyang nakatayo sa tabi ng nobya. Hindi niya pinansin ang pinggan, kubyertos at baso na inilagay ni Aling Susan sa bakanteng puwesto sa tabi ni Angelo.

“Kumusta ka, Babe?” Binalingan niya si Carolyn na halatang hindi na mapakali sa upuan nito.

“I’m good,” maikling sagot nito. “Napadaan lang pala si Rusty,” biglang paliwanag nito gayong di niya naman tinatanong kung bakit naroon ang lalaking iyon.

Inatake siyang bigla ng selos. Kapag siya ang namamasyal doon ay ni hindi siya niyayayang kumain ni Mang Fredo.

“May tindahan na po pala kayo ng fertilizer at farm supply, Mang Fredo? Mukhang ramdam ang asenso dito,” nakangiting sabi niya kahit na ang pakiramdam niya ay ang bigat na ng dibdib niya. Hindi siya dapat magpakita ng kahinaan sa mga ito. Lalo lang siyang magmumukhang kawawa.

Nakita niyang pumormal ang mukha ni Mang Fredo. Halatang nairita ito sa sinabi niya. Kailan nga ba hindi? Kahit kailan ay hindi ito boto sa kanya

para sa anak nito.

“Tigilan na natin ito, Lance. Alam kong ramdam mong may dapat tayong pag-usapan ngayon kaya magderechahan na tayo. Mabuti na rin at narito ka na. Matagal ka na naming hinihintay. Akala ko nga ay nakalimutan mo na ang daan patungo sa bahay namin.”

Nagpakawala siyang muli ng isang pilit na ngiti. “Ang alam ko po kasi, Mang Fredo, ay malinaw ang usapan namin ng kasintahan ko na magsusumikap akong magtagumpay para hindi ako nakakahiya sa mga bibiyenanin kong alam ko naman sa simula pa lang ay wala nang bilib sa pagkatao ko.” Hindi na niya napigilang sabihin ang mga bagay na matagal nang nakatago sa kanyang dibdib.

Nakita niyang lalong nagsalubong ang mga kilay nito. “Pag-usapan na lang natin ito at gawin nating maikli ang usapan dahil naiistorbo ang hapunan namin.” Naging matigas na ang tinig nito.

“Oo nga pala, naiistorbo ko ang hapunan n’yo. Mainam nga siguro’y pakaikliin na natin ito kasi ayaw ko na rin namang magtagal pa dito. Masakit masyado sa pakiramdam ang panoorin na niloloko na ako ng girlfriend ko at kinukunsinti mo pa, Mang Fredo.” Naging alerto na rin ang mga mata niya.

Kapag nagkataon ay para siyang pinutakti sa mga ito.

Napatitig siya kay Carolyn at nakita niyang namula nang husto ang mukha nito.

Nakita niyang namula rin ang mukha ni Mang Fredo dahil sa sinabi niya. Hindi kasi nito kayang baliin ang katotohanan na siya pa rin ang opisyal na nobyo ng anak nito.

“Ano’ng gusto mong mangyari ngayon?” Tumaas na ang tinig nito.

“Itay, kami na lang po ni Lance ang mag-uusap,” kaagad na awat ni Carolyn sa ama. Tumayo na ito para siguro hindi na lalong mag-init ang ama.

Ang nakakainit pa ng ulo ay tiningnan pa nito si Rusty bago ito nagpatiuna na naglakad patungo sa sala.

Mabilis siyang sumunod sa kasintahan. Parang umaapoy ang pakiramdam niya sa sama ng loob. Hindi pa man sila nakakapag-usap nito, more or less ay alam niya kung ano ang kahahantungan ng kanilang relasyon.

Dinatnan niya sa sala na nakaupo sa sofa si Carolyn, kaya naupo siya sa tabi nito. Wala itong imik. Nakayuko lamang ito pero napapansin

niyang nanginginig ang katawan nito. Alam niyang kabadong-kabado ito.

“Kailan pa ito?” Siya ang unang nagsalita.

Hindi ito umimik. She kept her face down.

“Ano’ng kapalit ng mga ito?” Iniba niya ang tanong.

Hindi pa rin ito sumagot.

“Di ba sabi ko naman sa iyo, gagawin ko ang lahat para mabigyan kita ng maayos na buhay? Nakikita mo na unti-unti ko nang naaabot ang lahat ng mga pangarap mo. Ang magkaroon ng disenteng tahanan, ng maayos na sasakyan at ng negosyong pagkukunan natin ng kabuhayan. Bakit hinayaan mong makapasok pa rin si Rusty sa buhay mo gayong may isang taong nagsusumikap nang husto para sa iyo?” Mahina pero puno ng hinanakit ang kanyang tinig.

“Dahil pinabayaan mo ako, Lance. Sa pagsusumikap mong magkaroon ng konting kabuhayan ay napabayaan mo na ako. Lagi kang wala sa tabi ko. Sa tuwing nasasabik akong makita ka at makasama ka, lagi kang walang panahon para sa akin.” Sa wakas ay narinig niya ang tinig nito.



“Hindi totoo iyan. Sa tuwing may pagkakataon naman ako ay pinupuntahan kita, di ba?” mariing protesta niya.

Napaismid ito. “Kailan ka huling nagkaroon ng pagkakataon? Kailan ka huling nagpakita sa akin? Noong bumili ka ng lupa na pagtatayuan mo ng piggery? Umuwi ka ba noon para sa akin? Hindi ba kaya ka umuwi ay dahil naibalita ko sa iyong may nag-ba-bargain ng lupa sa Sapang Maragul? Noong matapos kayong magbayaran, di ba umalis ka kaagad?”

“Gustung-gusto kitang makasama noon kasi nga dumating si Rusty at muling ipinagpatuloy ang panliligaw sa akin. Pero di ba nagmamadali kang bumalik sa Maynila kasi sabi mo ay may mga kausap kang tao? Si Rusty ang nandito, siya ang nagbigay sa akin ng atensyong hinahanap ko,” litanya nito.

Nasapo niya ang ulo niya dahil pakiramdam niya ay namigat iyon sa sinabi nito sa kanya. “Babe, para sa atin ang ginagawa ko. Ang inaasahan ko’y magiging tapat ka sa akin dahil naging tapat ako sa iyo. Nagsusumikap ako para sa ating kinabukasan.”

Napailing ito. “Hindi totoo iyan, Lance. Nagsusumikap ka para sa *sarili mo* at ako ang isinasakripisyo mo. Nais mong patunayan kay Itay

na kaya mong pantayan si Rusty. Pero hindi mo ba naisip na kahit ubusin mo ang buong buhay mo sa pagbebenta ng sanitary napkin at ng mga balls mo ay hindi mo siya kailanman mapapantayan?”

Napatingin siya nang derecho sa mukha nito. Iniinsulto ba siya nito? Nasaktan siya sa pagmamaliit nito sa negosyong pinamuhunan niya ng maraming pagod at hirap.

“What’s wrong with my business? Or should I ask, what’s wrong with you? Nagkakausap tayo sa telepono, pero hindi ka nagtapat sa akin. Bakit pinaniwala mo akong okay pa tayo?”

Nagbaba ito ng tingin. “Because there is no easy way to tell you. Ayaw kitang saktan!”

“Ayaw mo akong saktan? Salamat, ha, ang bait mo naman pala,” may pang-iinsultong sagot niya.

“I’m sorry, Lance, pero napag-isip-isip kong siguro nga ay tama si Itay. Si Rusty ang nababagay sa akin kasi kaya niyang ibigay sa akin ang sarili niya, ang oras niya at buong atensyon niya habang ibinibigay niya sa akin at sa pamilya ko ang karangyaan sa buhay na ipinapangako mo pa lang sa akin.”

Para siyang nabingi sa narinig. Hindi pa siya nainsulto nang ganoon katindi sa buhay niya, ngayon

lang. Mas masakit iyon kaysa sa nalaman niyang may iba ng lalaki sa buhay nito ngayon.

“Iyan na ang pinakamasakit na salitang narinig ko sa buong buhay ko, Carolyn, lalo’t sa iyo pa nanggaling.” Napailing siya dahil ang laki na ng ipinagbago ng nobya. Dati ay naiintindihan siya nito at nakasuporta ito sa kanyang mga pangarap. “Kayo na ba ni Rusty?” Bagaman halos alam na niya ang kasagutan ay nais niya pa ring marinig iyon mula sa mismong bibig nito.

Napayuko ito. Mayamaya pa’y bigla itong tumango. “You see, its pretty over for us.”

Pakiwari ni Lance ay pinagsakluban siya ng langit at lupa nang mga pagkakataong iyon. Sobrang nasaktan ang pride niya sa nangyari.

“You should have told me. No matter how hard, you should have at least tried to be honest with me.”

“I’m about to tell you. Naunahan mo lang ako. I’m sorry. Alam kong masasaktan ka, but this is the only way.”

Napatingin siya sa babae. Sugatan ang kanyang pride pero kailangan niyang magpakatatag.

“I’m okay. Nothing is permanent in this world,

even love. People love and run out of love. It happens everywhere. One day, I'm sure I'll fall in love again. However, I would never hurt others in the process, like what you did to me now."

Tumayo na siya at tinungo ang pinto. Wala siyang narinig na kahit anumang salita mula kay Carolyn. Hindi na nga siya pinigilan nito, kaya alam niyang hanggang doon na lang sila.

---

"Stef, narito si Martin."

Tinig iyon ng mommy ni Stef. Katatapos niya lang sa pagtitimpla ng kanyang secret mixture para sa kanilang mga balls at sauces.

Hinubad niya ang kanyang disposable gloves at lumabas sa sala para harapin si Martin, ang civil engineer na anak ng kanilang barangay captain. Matagal na rin silang lumalabas nito, pero hanggang ngayon ay di pa rin nito nasusungkit ang matamis niyang oo.

Kung tutuusin ay may hitsura ito. Hindi man siguro pang-leading man sa pelikula ang kaguwapuhan nito, marami pa ring kababaihan sa lugar nila ang nag-no-novena pa sa Baclaran para lang gustuhin nito. Hindi nga niya maintindihan kung

bakit patuloy itong nagtitiyaga sa panliligaw sa kanya gayong wala siyang ibinibigay na pag-asa rito. Ang gusto niya ay manatili lamang silang magkaibigan nito. Masaya itong kausap at galante rin sa tuwing kasama niya itong lumalabas.

Kung hindi lang marahil sa lihim niyang pagtingin kay Lance ay puwede na rin sana niyang sagutin si Martin. Mukhang magiging mabuti itong boyfriend sa kanya. Kaso hindi yata talaga natuturuan ang puso. Bakit ba si Lance pa ang itinitibok ng puso niya gayong alam niyang suntok sa buwan ang pangarap niyang iyon.

“Good evening,” bati ni Martin sa kanya nang labasin niya ito sa sala. Napatayo pa ito mula sa pagkakaupo para magbigay-galang sa kanya.

“Maupo ka. Sayang, hindi ka nakahabol sa anniversary namin kanina. Ang daming tao.” Inimbitahan niyang dumalo ang manliligaw sa pagtitipon, pero hindi ito nangakong makakadalo dahil nataong may meeting ito.

“Oo nga. Pero may second anniversary pa naman, di ba?” Naupo na ito. “Gusto ko ngang bumawi kasi di ako nakahabol sa celebration.” May dinukot ito sa bulsa. Dalawang ticket iyon.

“Ano iyan?” Bigla siyang na-excite. Kabisado kasi nito ang hilig niya. Mahilig siyang manood ng concert ng mga banda.

“Akala ko ba gusto mong panoorin ang banda ni Ely Buendia?” Napangiti pa ito nang manlaki ang mga mata niya.

“Ay, oo naman. Ngayon na ba iyan?” Hindi na niya maitago ang excitement.

Tumango ito. “Bihis na,” nakangiting utos nito.

Nagmadali siyang tumayo. “Nagpaalam ka na ba kay Mommy?” naalala niyang itanong.

Tumango ito.

Hindi na niya hinintay pa ang dagdag na sasabihin nito. Patakbo niyang tinungo ang kanyang silid para makapagbihis.

Palabas pa lang siya ng kuwarto nang iabot sa kanya ng mommy niya ang wireless landline phone nila. Si Manang Maria raw ang nasa kabilang linya. Iyon ang kawaksi ni Lance sa townhouse nito.